**Pagsasanay # 2 sa Filipino – 6** **September 6, 2022**

A. Ilagay ang mga sumusunod na bahagi ng liham-pangkaibigan sa tamang pwesto nito at tukuyin kung anong bahagi ito ng liham.

Pinakamasaya iyon sa lahat ng kaarawan ko.Ikaw naman,paano mo ipinagdiwang ang kaarawan mo noong Lunes?Pagkat sabay ang kaarawan natin.Maligayang bati!Balitaan mo naman ako.

168 Roxas St. **Mahal kong Amihan,** **December 22,2016**

**Saltare** San Jose Occ.Mindoro **Ang iyong matalik na kaibigan,**

Alam mo bang natuklasan ng aking mga kamag-aral na kaarawan ko noong Lunes?Kinantahan nila ako sa klase.Bawat isa ay bumati sa akin,pati na ang aming titser.Malaking katuwaan ang nagyari lalo na ng dumating si Nanay na may dalang pagkain para sa lahat.

LIVEWORKSHEETS

B. Tukuyin kung anong uri ng liham-pangkaibigan ang dapat gawin sa mga sumusunod na sitwasyon.

__________________1. Gusto ni Jessie na pasalamatan ang kanyang mga magulang sa lahat ng sakripisyong kanilang ginawa. Ano ang kanyang gagawin?

__________________2. Nasalanta ng bagyo ang tirahan ng mga kamag-anak ni Sophy sa Cebu, gusto niyang padalhan silang sulat. Anong liham ang isusulat niya?

__________________3. Malaki ang naging problema ni Harold sa kaniyang paaralan. Gusto niyang humingi ng payo sa kanyang guro. Ano ang kanyang isusulat?

__________________4. Darating na ang kaarawan ni Ruby. Gusto niyang anyayahan ang kanyang mga kamag-anak, kaklase, guro at mga kaibigan na dumalo sa kaniyang pagdiriwang. Anong liham ang kailangan niyang ipamigay?

__________________5. Matagal nang hindi nakakauwi ang pamilyang Dela Cruz sa kanilang probinsya. Nais nilang malaman ang kalagayan ng mga mahal nila sa buhay doon. Ano ang kanilang gagawing sulat?

__________________6. Naparangalan ng 20 *Years of Service* ang iyong ama sa kanilang kompanya. Nais mo siyang batiin sa gantimpalang kanyang natanggap. Anong sulat ang iyong gagawin?

__________________7. Bibinyag ang iyong nakababatang kapatid sa susunod na buwan. Nais niyong imbitahin ang inyong mga kamag-anak, kaibigan at mga magiging ninong at ninang niya. Anong liham ang inyong ipapamigay?

LIVEWORKSHEETS